National Immunisation Program

A joint Australian, State and Territory Government Initiative

# Pambansang Programa ng Pagbabakuna (National Immunisation Program)

## Pagbabakuna laban sa Trangkaso (Influenza)

Papel-kaalaman para sa Konsyumer

### Tungkol sa trangkaso

Ang trangkaso (influenza) ay isang karaniwang impeksiyong dulot ng virus na nakakaapekto sa mga tao sa anumang edad.

Bagama't maaaring banayad lamang ang sakit para sa ilan, maaari rin itong magdulot ng malubhang karamdaman at maaari pang humantong sa pagkaka-ospital, kahit sa mga malulusog na tao.

Ang pagpapabakuna laban sa trangkaso bawat taon mula sa isang propesyonal sa kalusugan ang pinakaligtas at pinakamabisang paraan upang protektahan ang iyong sarili at ang iba laban sa trangkaso.

### Tungkol sa mga bakuna laban sa trangkaso

Nagbabago ang trangkaso bawat taon, kaya nagbabago rin ang bakuna laban dito. Ito ang dahilan kung bakit kailangan mong magpabakuna laban sa trangkaso bawat taon. Ang uri ng bakuna na makukuha mo ay depende sa iyong edad at kalusugan, at sasabihin sa iyo ng iyong propesyonal sa kalusugan kung alin ang angkop para sa iyo o sa iyong anak.

Gumagamit ng Australya ng iba't ibang uri ng bakuna laban sa trangkaso na pawang mabisa at walang latex. Ang mga bakunang gawa sa itlog at mga bakunang gawa sa selyula (para sa mga taong may edad 5 hanggang 64 na taon) ay makukuha sa pamamagitan ng National Immunisation Program (NIP).

Makukuha rin ang nasal spray na bakuna laban sa trangkaso para sa mga batang may edad 2 hanggang 17 taon sa pamamagitan ng ilang programa ng estado o teritoryo, o sa pribadong reseta.

### Kaligtasan ng bakuna laban sa trangkaso

Ang bakuna laban sa trangkaso ay maraming dekada nang ginagamit at may mataas na kasaysayan ng kaligtasan.

Kabilang sa mga karaniwang side effect ng bakuna ang banayad na pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahagi ng katawan kung saan ito itinurok. Ang mga side effect na ito ay karaniwang tumatagal lamang ng ilang araw at kusang nawawala kahit walang paggamot. Bihira ang malulubhang side effect, tulad ng matinding reaksiyong alerhiya.

Ang mga bakuna laban sa trangkaso na itinuturok ay walang taglay na buhay na flu virus, kaya hindi ka mabibigyan ng mga ito ng trangkaso. Ang nasal spray na bakuna laban sa trangkaso ay isang buhay na bakuna, kaya hindi ito inirerekomenda para sa ilang taong may partikular na mga kondisyong medikal.

Ang mga taong may alerhiya sa itlog, kabilang ang mga nakaranas ng anaphylaxis, ay ligtas tumanggap ng lahat ng bakuna laban sa trangkaso, ngunit mabuting makipag-usap sa iyong propesyonal sa kalusugan kung mayroon kang mga pag-aalala.

### Sino ang dapat tumanggap ng bakuna laban sa trangkaso

Inirerekomenda para sa lahat ng may edad 6 na buwan pataas na magpabakuna laban sa trangkaso bawat taon. Ang bakuna laban sa trangkaso ay nagbibigay ng proteksyon hindi lamang sa iyo, kundi maging sa mga taong nasa paligid mo.

#### Ang pagpapabakuna laban sa trangkaso ay napakahalaga para sa ilang tao

Ang bakuna laban sa trangkaso ay mahigpit na inirerekomenda at libre sa ilalim ng NIP para sa mga sumusunod na taong may pinakamataas na panganib ng komplikasyon mula sa trangkaso:

- Mga batang may edad na 6 na buwan hanggang wala pang 5 taon
- Mga nagdadalang-tao para sa bawat pagbubuntis at sa anumang yugto ng pagbubuntis
- Mga taong Aboriginal at Torres Strait Islander na may edad na 6 na buwan pataas
- Mga taong may edad na 65 taon pataas
- Mga taong may edad na 6 na buwan pataas na may partikular na kondisyong medikal.

Maaaring mag-alok ang ilang estado at teritoryo ng mga libreng bakuna para sa iba pang mga grupo. Makipag-usap sa iyong propesyonal sa kalusugan o bisitahin ang website ng kagawaran ng kalusugan ng inyong estado o teritoryo upang malaman ang tungkol dito.

Kung hindi ka kwalipikado para sa libreng bakuna, maaari mong bilhin ang bakuna. Makipag-usap sa iyong propesyonal sa kalusugan upang malaman kung magkano ang halaga nito.

### Mga batang wala pang 5 taon

Ang mga sanggol at batang wala pang 5 taong gulang ay may mas mataas na panganib ng mga komplikasyon mula sa trangkaso at maaari itong humantong sa pagkaka-ospital. Kahit ang mga malulusog na bata ay maaaring magkasakit nang malubha dahil sa trangkaso.

Ang iyong anak ang maaaring bakunahan laban sa trangkaso sa araw din ng appointment niya para sa kanyang regular na mga pagbabakuna sa bata, o sa magkaibang araw.

Ang mga batang wala pang 2 taon na babakunahan laban sa trangkaso sa unang pagkakataon ay mangangailangan ng 2 dosis, na ibibigay ng 4 na linggo ang pagitan, upang makatulong sa pagpapalakas ng kanyang naturalesa.

## Mga nagbubuntis

Ang trangkaso ay maaaring maging mas malubha para sa mga nagbubuntis at sa kanilang mga sanggol. Ang bakuna laban sa trangkaso ay inirerekomenda at libre sa bawat pagbubuntis, at ligtas itong tanggapin sa anumang yugto ng pagbubuntis at habang nagpapasuso.

Sa panahon ng pagbubuntis, ang mga pagbabago sa immune system, puso, at baga ay maaaring magpataas ng posibilidad ng pagkakasakit nang malubha ng mga babae dahil sa trangkaso.

Ang iyong pagpapabakuna ay nakatutulong ding protektahan ang iyong sanggol, dahil ang mga proteksiyong antibody ay naipapasa sa pamamagitan ng inunan at nakakatulong na panatilihin silang ligtas sa unang ilang buwan ng kanilang buhay.

Kung nabakunahan ka na laban sa trangkaso noong nakaraang taon sa mga unang bahagi ng iyong pagbubuntis, o bago ka pa nabuntis, dapat ka pa ring magpabakuna ng kasalukuyang bakuna laban sa trangkaso bago ipanganak ang iyong sanggol.

Ang bakuna laban sa trangkaso ay ligtas na maibibigay kasabay ng bakuna laban sa pertussis (whooping cough), RSV, at COVID-19 kung ito ay inirekomenda ng iyong propesyonal sa kalusugan. Dapat tumanggap ang mga buntis ng inactivated na bakuna laban sa trangkaso (karaniwang itinuturok), sa halip na nasal spray.

## Mga taong may ilang partikular na kondisyong medikal

Libre ang bakuna laban sa trangkaso para sa mga taong may edad na 6 na buwan pataas na may mga sumusunod na kondisyon:

- sakit sa puso
- talamak na kondisyon sa paghinga
- kondisyong nagpapahina sa naturalesa (immune system)
- karamdaman sa dugo
- talamak na metabolic na karamdaman
- talamak na sakit sa bato
- talamak na kondisyon sa nerbiyo
- pangmatagalang terapiya ng aspirin sa mga batang may edad 5 hanggang 10 taon.

Makipag-usap sa iyong propesyonal sa kalusugan tungkol sa iyong kasaysayan sa kalusugan at pagiging kwalipikado.

## Mga Taong Aborihinal at Torres Strait Islander

Ang mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander ay may mas mataas na panganib na magkasakit nang malubha at ma-ospital dahil sa trangkaso.

Lahat ng mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander na may edad na 6 na buwan pataas ay maaaring tumanggap ng bakuna laban sa trangkaso na libre bawat taon.

## Mga taong may edad na 65 taon pataas

Ang trangkaso ay maaaring maging lalong malubha para sa mga taong may edad na 65 taon pataas, kaya napakahalaga ng pagpapabakuna bawat taon.

Lahat ng nasa pangkat ng edad na ito ay maaaring tumanggap ng libreng bakuna laban sa trangkaso na sadyang idinisenyo upang magbigay ng mas malakas na immune response at mas mahusay na proteksyon.

Ang mga bakuna laban sa trangkaso ay ligtas ding maibibigay sa araw ng pagbisita para mabakunahan laban sa COVID-19, RSV, at shingles.

## Kailan dapat magpabakuna laban sa trangkaso

Oras na maging available ang bakuna sa Marso o Abril, dapat kang magpabakuna bawat taon upang maprotektahan bago magsimula ang panahon ng trangkaso. Sa karamihan ng mga lugar sa Australya, ang rurok ng panahon ng trangkaso ay mula Hunyo hanggang Setyembre. Hindi kailanman huli ang magpabakuna laban sa trangkaso, dahil ang trangkaso ay maaaring kumalat sa anumang araw ng taon.

Kung nabakunahan ka laban sa trangkaso noong huling bahagi ng nakaraang taon o sa unang bahagi ng taong ito gamit ang nakaraang bakuna (last season's vaccine), dapat ka pa ring magpabakuna gamit ang bagong bakuna (new season's vaccine) kapag ito ay makukuha na.

### Saan makakakuha ng bakuna laban sa trangkaso

Maaaring magpa-iskedyul ng bakuna sa iba't ibang mga serbisyong pangkalusugan kabilang ang:

- mga lokal na doktor o general practice (GP)
- mga klinika ng pagbabakuna ng lokal na konseho (makukuha sa ilang estado at teritoryo)
- mga sentrong pangkalusugan sa komunidad
- mga serbisyong pangkalusugan para sa mga Aboriginal
- mga kalahok na botika.

Hindi lahat ng mga serbisyong pangkalusugan na ito ay mayroong mga libreng bakuna sa NIP. Makipag-ugnayan sa iyong napiling serbisyong pangkalusugan upang malaman:

- ang tungkol sa mga partikular na bakunang maaari nilang ibigay
- kung kailan ito maaaring makuha
- kung kailan ka maaaring magpa-book para magpabakuna
- kung may bayad ang konsultasyon o serbisyo para makuha ang mga libreng bakuna.

## Rehistro ng Pagbabakuna sa Australya (Australian Immunisation Register)

Kinakailangan ng iyong propesyonal sa kalusugan na iulat ang lahat ng mga pagbabakuna laban sa trangkaso sa Australian Immunisation Register upang matiyak na ang iyong mga rekord ay tumpak at kumpleto.

*Magtanong tungkol sa bakuna laban sa trangkaso ngayong araw sa health.gov.au/flu*

---

**Mga numero ng kontak ng mga kagawaran ng kalusugan ng estado at teritoryo:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| ACT | 02 5124 9800 | SA | 1300 232 272 |
| NSW | 1300 066 055 | TAS | 1800 671 738 |
| NT | 08 8922 8044 | VIC | immunisation@health.vic.gov.au |
| WA | 08 9321 1312 | QLD | Makipag-ugnayan sa Public Health Unit sa inyong lugar |

Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing

National Immunisation Program
A joint Australian, State and Territory Government Initiative